



Pahayag ng paninirahan at pansariling suporta

Pangalan

Personal na ID/CPR. NR.

***Inihahayag ko, na ako ay magsusumikap upang ako at ang aking mga anak at asawa/kinakasama na dito nang naninirahan ay may kaniya-kaniyang kakayahang matustusan ang pansariling pangangailangan, masigasig na makikilahok at makiki-ambag sa lipunang denmark.***

***Inihahayag ko samakatuwid ang mga sumusunod:***

- Susundin ko ang batas ng Denmark at igagalang ko ang mga demokratikong prinsipyo ng Denmark sa lahat ng pagkakataon.
- Kinikilala ko na ang pambansang wika ng Denmark at ang pagiging maalam sa lipunang Denmark ay susi sa isang mabuti at masigasig na pakikipamuhay sa Denmark.
- Kinikilala ko na ang bawat mamamayan at pamilya ay may pananagutan na matustusan ang pansariling pangangailangan.
- Kinikilala ko na ang kalalakihan at kababaihan ay may pantay-pantay na katungkulan at karapatan sa Denmark, at ang kalalakihan at kababaihan ay parehong dapat mag-ambag sa lipunan. Ang kalalakihan at kababaihan ay parehong may karapatan - at sa ilang mga pagkakataon may tungkulin - makapag-aral at magtrabaho, tulad rin nang ang kalalakihan at kababaihan ay may parehong karapatang lumahok sa mga demokratikong proseso. Ang kalalakihan at kababaihan ay parehong may tungkulin na magbayad ng buwis at maging responsableng magulang sa kanilang mga anak.
- Alam ko na dito sa Denmark, may katumbas na parusa ang marahas at sapilitang gawain tungo sa asawa at iba pa, kabilang na ang mga bata.
- Kinikilala ko na dito sa Denmark ay dapat na may pantay-pantay na paggalang at pagkakataon sa pag-unlad para sa lahat ng kabataan - mapababae o mapalalaki man - upang lumaki silang aktibo at responsableng mga mamamayan na may kakayahang makagawa ng sariling desisyon. Titiyakin ko na ang aking mga anak ay makakatanggap ng pinakamabuting paglaki at pag-aaral hangga't sa maari, pati na rin na sila ay aktibong makikilahok sa lipunang Denmark. Titiyakin ko rin, na ang aking anak ay matututo ng pambansang wika ng Denmark sa pinakamadaling panahon at siya matututo ay sa kaniyang pag-aaral, at ako naman ay masigasig na makikipagtulungan sa day care center o paaralan ng bata.
- Alam ko na ang pagtutuli ng mga batang babae at pati na rin ang kanilang sapilitang pag-aasawa ay labag sa batas at may karampatang parusa dito sa Denmark.
- Iginagalang ko ang kalayaan ng bawat tao at ang personal na integridad, pagkakapantay-pantay ng kasarian at kalayaan sa paniniwala at paghahayag, na napakahalagang batayan sa Denmark.

- Alam ko na ang diskriminasyon dahil sa, halimbawa base sa kasarian o kulay ng balat, at ang pagbabanta at pangungutya laban sa mga grupo dahil sa, halimbawa base sa pananampalataya o sekswal na oryentasyon, ay labag sa batas at may karampatang parusa sa Denmark.
- Kinikilala ko na itinatakwil ng lipunang Denmark ang terorismo. Alam ko na ang isang taong may kamalayan ukol sa hangarin ng paggawa ng isang krimen na magdudulot ng panganib sa buhay o kapakanan ng tao o sa mga pinahahalagahan ng lipunan, ay inaasahang isagawa ang lahat ng nasa kaniyang kapangyarihan upang pigilan ang krimen o ang maaring kahihinatnan nito, at kung kinakailangan ay isuplong sa pulis, at ang pagsasa-isangtabi nito ay maaring mapatawan ng kaparusahan o pagkabilanggo ng hanggang 3 taon, kung ang krimen ay naisagawa o napagtangkaang gawin.
- Kinikilala ko na ang aktibong pakikipag-ugnayan ay kinakailangan upang makilahok at maka-ambag sa lipunang Denmark, gaano man katagal ang pananatili ko sa bansa.
- Alam ko na ang balangkas para sa aking paglagi sa Denmark ay alinsunod sa batayan ng aking paninirahan, kung saan para sa ilang mga grupo ay nangangahulugan ng isang pansamantalang paglagi.
- Alam ko na ang isang refugee ay wala ng karapatan para sa pahintulot ng paninirahan, kung ang mga kondisyon sa kaniyang bansa ay nagbago na kung saan hindi na kinakailangan ang ginawad na proteksyon at maaari nang makabalik sa sariling bansa. Alam ko na ang isang taong muling naibuklod sa kaniyang kapamilyang refugee na dito na naninirahan, bilang isang patakaran, ay wala ng karapatan para sa pahintulot ng paninirahan kung hindi na kinakailangan ang ginawad na proteksyon para refugee. Alam ko na ang isang pansamantalang pahintulot sa paninirahan ay maaaring mapawalang bisa o ipagtanggi.
- Alam ko na ang masigasig na pakikilahok, na nag-aambag sa lipunan ng Denmark at ang pagsusumikap na matustusan ang sariling pangangailangan ay maaari ring maging isang kapararakan na may kaugnayan sa kung sakaling ako ay bumalik sa aking sariling bansa.
- Alam ko na ang isang naninirahan dayuhan, ay maaaring magsumite para sa pinansiyal na suporta sa ilalim ng batas ng pagpapabalik upang bumalik sa bansang pinagmulan o sa bansa ng dating paninirahan, kung dumating ang panahon na ito ay nais gawin.

*Ako - bilang isang bagong dating na dayuhan - ay nakakaalam na para sa mga bagong dating na dayuhan:*

*(ang mga sumusunod na punto at may kaugnayan lamang sa mga bagong dating na pumirma sa pahayag)*

- Ako ay matututo ng Danish at kukuha ng kaalaman sa lipunang Denmark sa lalong madaling panahon. Alam ko na maaari akong matuto ng Danish sa pamamagitan ng pakikilahok sa edukasyon ng pambansang wika ng Denmark na na inaalok sa akin ng munisipalidad.
- Ako magtratrabaho upang matustusan ko ang pansariling pangangailangan sa pamamagitan ng paghahanap ng trabaho sa lalong madaling panahon. Alam ko na makatutulong sa akin na makamit ang isang regular na trabaho at maging matustusan ang pansariling

pangangailangn, kung makikilahok ako sa mga aktibidad na inilarawan sa aking kontrata sa munisipalidad.

- Alam ko na ang pagpapalawig ng aking pahintulot sa paninirahan ay alinsunod sa kung ang batayan ng pahintulot ng aking paninirahan ay may bisa pa sa kasalukuyan, at bilang isang refugee, wala ng karapatan sa pahintulot ng paninirahan kung wala na ang pangangailangang proteksyon at maaari nang bumalik sa sariling bansa. Alam ko na ang isang taong muling naibuklod sa kaniyang kapamilyang refugee na dito na naninirahan, bilang isang patakaran, ay wala ng karapatan para sa pahintulot ng paninirahan kung hindi na kinakailangan ang ginawad na proteksyon para refugee.

Petsa:

Lagda: